# Unang Markahan – Baitang 1
# Supplemental Lesson Plan

## Aralin 1 – Sa Hukuman ng Diwata

**A. PANIMULA**

**1. Pagtukoy sa Dating Kaalaman**

Maghahanda ng mga larawan ng hayop. Magtatanong sa mga mag-aaral kung ano-ano ang mga hayop na alam nila, idikit ang mga larawang naihanda mo kung nabanggit ng mag-aaral, ang hindi alam ng mag-aaral na larawan ay hayaan nating itanong nila sa iyo.

**2. Palaisipan**

Itanong:

Ano-ano ang hayop na maaaring manirahan sa lupa at sa tubig?

*Sagot:*

*Palaka, Bibe, Alimasag, Talangka, Ahas*

**3. Pagpapaawit at pagpapakilos ng nilalaman ng awit.**

Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Hayaang makapagisip sila ng kilos ayon sa pangalan ng kanilang pangkat.

Unang Pangkat: Panlupa

Pangalawang Pangkat: Pantubig

Pangatlong Pangkat: Maaaring Panlupa o Pantubig

Kamusta Po
Halina at magsaya
Umikot nang umikot at humanap ng iba
Lakad sa kanan
Lakad sa kaliwa
Umikot nang umikot at humanap ng iba

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay magpapamalas ng kakayahang makaunawa ng pabula, alpabeto, at babala.

**Pamantayan sa Pagganap:**

Naisasagawa ng mag-aaral ang pagtatanong tungkol sa larawan, makagamit ng mga magagalang na salita at makaunawa ng pabula, babala, at alpabeto.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula
2. Nakapagtatanong tungkol sa isang larawan
3. Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon, pagpapakilala ng sarili
4. Nasasabi ang mensaheng

**B. KATAWAN**

Kasanayang Pampanitikan

Babasahin ang kuwento at makikinig ang mag-aaral.

**1. Pabula**

Ang pabula ay kuwento na ang mga tauhan o nagsisiganap ay mga hayop.

**Sa Hukuman ni Diwatang si Mariang Sinukuan**

Si Mariang Sinukuan ang diwata ng kagubatan. Siya ang nangangalaga sa mga hayop na nakatira doon. Isang araw, dumating si Martines, umiiyak na nagsumbong kay Mariang Sinukuan dahil nabasag ang kanyang itlog dahil kay Kabayo.

Mariang Sinukuan: Tawagin si Kabayo

At dumating si Kabayo…

Mariang Sinukuan: Bakit ka dumamba nang dumamba kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?

Kabayo: Kasi po nagulat ako sa pagkokak ni Palaka.

Mariang Sinukuan: Tawagin si Palaka

At dumating si Palaka…

Mariang Sinukuan: Bakit ka kumokak nang kumokak kaya nagulat si Kabayo at dumamba nang dumamba kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?

Palaka: Kasi po natakot ako kay Pagong dahil dala-dala niya ang bahay niya at baka ako mabagsakan.

Mariang Sinukuan: Tawagin si Pagong

At dumating si Pagong…

Mariang Sinukuan: Bakit mo dala-dala ang bahay mo kaya natakot si Palaka na mabagsakan ng bahay at kumokak ito nang kumokak, nagulat tuloy si Kabayo kaya dumamba ito nang dumamba kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?

nais ipabatid ng nabasang pananda, patalastas, babala o paalala

5. Nakasusulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra
6. Napagsusunod-sunod ang mga alpabeto
7. Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan at sitwasyon



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Pagong: Kasi po natakot ako kay Alitaptap dahil may dala siyang apoy at baka masunog ang bahay ko.

Mariang Sinukuan: Tawagin si Alitaptap

At dumating si Alitaptap…

Mariang Sinukuan: Bakit ka may dalang apoy kaya natakot si Pagong at dinala ang bahay niya, natakot tuloy si Palaka kaya kumokak ito nang kumokak, kaya nagulat si Kabayo at dumamba ito nang dumamba kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?

Alitaptap: Kasi po natakot ako kay Lamok dahil may dala siyang gulok at apoy lamang ang panlaban ko sa kanya para hindi niya ako malapitan.

Mariang Sinukuan: Tawagin si Lamok

At dumating si Lamok…

Mariang Sinukuan: Bakit ka may dalang gulok kaya natakot si Alitaptap kaya nagdala siya ng apoy, natakot tuloy si Pagong kaya dinala ang bahay niya, kaya natakot si Palaka kaya kumokak ito nang kumokak, nagulat tuloy si Kabayo kaya dumamba ito nang dumamba kaya nabasag ang mga itlog ni Martines.

Lamok: Kasi po galit ako kay Talangka dahil sinipit niya ako noong dumaan ako sa bahay niya kaya pinaghahanap ko siya ngayon para makaganti (galit na paliwanag ni Lamok). Nagkagulo sa kagubatan, nagdadadamba si kabayo, lumipad si Alitaptap, mabilis na lumakad palayo si Pagong at kumokak nang kumokak si Palaka. Nagalit din ang Diwata.

Mariang Sinukuan: Magsitigil kayong lahat. Lamok, ikaw ay marahas at mapaghiganti. Kung may nagkasala sa iyo, dapat ay nagsumbong ka sa akin at ako ang magpapataw ng kaukulang parusa sa nagkasala. Bilang parusa dahil nagkagulo sa hukumang ito at nabasag ang mga itlog ni Martines, ikaw ay kailangang magbayad sa kanya at ipinagbabawal ko na sa iyo ang pagdadala ng gulok. Ipinagbawal na rin kay Martines na gumawa

at maglagay ng pugad sa lupa. At si Talangka ay kailangang magpakita sa akin upang malaman niya na ipinagbabawal ko ang paninipit na makasasakit ng kanyang kapwa.

**2. Palaisipan**

Ipakilala ang mga hayop at itanong sa mga mag-aaral kung nakakita na ba sila nito. Itanong din kung ano ang mga huni at kilos o nagagawa nito bilang hayop. Halimbawa: Ang kabayo ay may tunog na *wheeeehehehe* at ito ay tumatakbo lalo na sa karera ng mga kabayo o kaya naman ay sa karitela.

**3. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipatutukoy sa mga mag-aaral ang pangalan ng hayop ayon sa pagsasalarawan sa kanila sa pabulang binasa.

| Kabayo | Alitaptap | Palaka | Martines | Talangka |
|---|---|---|---|---|

__________________ 1. dumadamba

__________________ 2. may dalang apoy

__________________ 3. kumokokak

__________________ 4. isang uri ng ibon

__________________ 5. naninipit

3. Ipasulat ang mga pangalan ng hayop ayon sa pagkakasunod-sunod ng letra ng alpabeto.

| Kabayo, | Alitaptap, | Palaka, | Martines, | Talangka |
|---|---|---|---|---|

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

4. Anong salitang paggalang ang ginamit ng mga hayop kapag sumasagot sa tanong ni Mariang Sinukuan?

______________________________

______________________________

______________________________

5. Kung ikaw ay naatasan ni Mariang Sinukuan na magbigay ng babala para laging maalala ni Martines, Lamok, at Talangka ang ipinagbabawal sa kanila, ano-ano ang ilalagay mo? Halimbawa ng babala ay:

| |
|---|
| BAWAL MAGTAPON<br>NG<br>BASURA DITO |

1. Para kay Lamok

[ ]

2. Para kay Talangka

[ ]

3. Para kay Martines

[ ]

**4. Kasanayang Panggramatika**

Tatalakayin ang tungkol sa kasanayang panggramatika.

Ang Magalang na Pananalita

Po – ginagamit upang maging magalang ang pangungusap
– karaniwang matatagpuan pagkatapos ng unang salita
– hindi maaaring makapag-isa bilang pagsagot sa positibong tanong

REX iNTERACTIVE The online educational portal for teachers, students, and parents


– ipinalalagay ito sa pangungusap kung mas matanda sa edad ang nakikipag-usap bilang paggalang

Opo – ay positibong sagot sa tanong

– tumatayong pangungusap kaya maaaring wala ng kasunod na mga salita

5. **Pagpapayaman**

Pagpapakita sa mga mag-aaral kung kailan ginagamit ang po at opo




6. **Pagpapalawig:** Ipaliliwanag ang gagawing pagpapasadula ng mga sitwasyong makikitaan ng paggalang.

Pangkatang Gawain: Magsasadula batay sa sitwasyon at paggamit ng po at opo.

Pangkat 1: Sa loob ng paaralan

Pangkat 2: Sa loob ng simbahan

Pangkat 3: Sa loob ng bahay

Pangkat 4: Sa loob ng Barangay

Pangkat 5: Sa loob ng opisina



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## C. KONGKLUSYON

1. Sasabihin ang pinakabuod ng aralin.

   Ang paggamit ng po at opo ay hindi lamang para sa may edad, bagkus isinasaalang-alang din ang posisyon at lugar kung saan magsasalita. Si Mariang Sinukuan ay isang diwata o reyna ng Kagubatan kaya gumamit din ng po at opo ang mga nasasakupan niya.

2. Ipaliliwanag kung ano ang nararapat gawin sa kaniyang itatakda.

**Takdang Aralin**

Gumupit ng mga larawan ng tao, bagay, hayop, at lugar. Tig-iisa lamang.

Idikit ang larawan sa kartolina na sinlaki ng ____________?

(Paghahanda ito para sa Pinoy Henyo kinabukasan)

**Rubrik sa Pagmamarka sa Dula-Dulaan**

| | |
|---|---|
| 1. Tamang Sitwasyon | 40% |
| 2. Paraan ng Presentasyon | 10% |
| 3. Kaayusan ng Presentasyon | 30% |
| 4. Orihinalidad (Walang Hawig sa Kaklase) | 5% |
| 5. Wastong Tono, Intonasyon, at Pagbigkas | 15% |
| **KABUUAN** | **100%** |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

## Aralin 2 – Ako'y Pinoy

### A. PANIMULA

Maghanda ng mga larawan ng batang lumalakad, tumatakbo, umuupo nang maayos sa upuan. Ipaskil ang mga larawan sa pisara at ituro ang kanta sa tono ng Kamusta Ka. Ipakanta ito sa mag-aaral nang sabay-sabay. Hatiin ang klase sa 2 pangkat.

**Palaisipan**

Kung nagkasalubong kayo ng iyong kaibigan, ano ang iyong itatanong sa kanya?

Sagot: Kamusta ka?

### B. KATAWAN

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ipaawit sa mag-aaral sa tono ng "Kamusta Ka!" Hatiin sa tatlong pangkat ang klase. Kailangan ipakilos sa bawat pangkat ang sinasaad ng awit.

Unang Pangkat:

Kamusta po halina at magsaya
Umikot nang umikot at humanap ng iba
Lakad sa kanan lakad sa kaliwa
Umikot nang umikot at humanap ng iba

Ikalawang Pangkat:

Kamusta po halina at magsaya
Umikot nang umikot at humanap ng iba
Takbo sa kanan takbo sa kaliwa
Umikot nang umikot at humanap ng iba

Ikatlong Pangkat:

Kamusta po halina at magsaya
Umikot nang umikot at humanap ng iba
Upo sa kanan upo sa kaliwa
Umikot nang umikot at humanap ng iba

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay magpapamalas ng kakayahang makaunawa ng nilalaman ng aklat batay sa pabalat at natutukoy ang kahulugan ng kilos.

**Pamantayan sa Pagganap:**

Naisasagawa ng mag-aaral ang pagkilos sa napakinggang awit at nabibigkas ng wasto ang alpabeto.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naisasakilos ang napakinggang awit
2. Nabibigkas nang wasto ang tunog ng bawat letra ng alpabetong Filipino
3. Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas, galaw, ekspresyon ng mukha, at ugnayang salita-larawan
4. Nasasabi ang nilalaman ng aklat batay sa pabalat
5. Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin, at kultura ng may-akda ng tekstong napakinggan o nabasa


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Sabihin: Ang mga salitang "Kumusta ka" ay isang ekspresyon na karaniwang sinasabi ng mga Pilipino. Naipahahayag ng katagang ito ang kulturang Pilipino na pagiging magalang at nakikiisa sa kaniyang kapuwa. Nagagamit din ang wikang ito upang makipag-kaibigan.

Pagbasa (Pagpapakanta sa mag-aaral ng Ako'y Isang Pinoy)

Bago ipabasa o ipaawit, sabihin sa mag-aaral na bukod sa ekspresyong "Kumusta ka," maraming paraan pa upang makilala ang kultura ng isang Pilipino. Maaari itong makita sa titik ng awiting "Ako'y Isang Pinoy."

**2. Awit**

Ang awit ay parang isang tula na maaaring may tugma at sukat na nilapatan ng tunog at ritmo.

**Ako'y Isang Pinoy**

Ako'y isang Pinoy sa puso't diwa
Pinoy na isinilang sa ating bansa
Ako'y hindi sanay sa wikang mga banyaga
Ako'y Pinoy na mayroong sariling wika.

Koro:
Wikang pambansa ang gamit kong salita
Bayan kong sinilangan
Hangad kong lagi ang kalayaan.

Si Gat Jose Rizal nuo'y nagwika
Siya ay nagpangaral sa ating bansa

Ang hindi raw magmahal sa sariling wika
Ay higit pa ang amoy sa mabahong isda.

Itanong ang sumusunod upang magkaroon ng malayang talakayan.

a. Sino ang nagsabing, "Ang hindi magmahal sa sariling wika ay higit pa ang amoy sa mabahong isda?"

b. Paano masabing ikaw ay isang Pinoy?

c. Ano ang wikang ginagamit ng isang Pinoy?

d. Ano ang mensaheng gustong sabihin ng sumulat ng tula?

e. Ano naman ang mungkahi mo upang maipakita ang pagpapahalaga sa pagiging Pinoy?

**3. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

a. Ipatukoy sa mag-aaral ang kahulugan ng makikita sa bawat larawan. Ibigay ang kahulugan ng mga larawang nagpapakita ng madalas na aksiyon ng isang Pilipino.

 ______________________________

 ______________________________

 ______________________________

 ______________________________

http://forgetfulghee.blogspot.com/2010/07/pagmamano-among-pinoys.html

http://www.123rf.com/clipart-vector/nationalities.html

http://www.teacherspocketbooks.co.uk/images/cartoons/handshake-hi.jpg


http://akosirabsky.blogspot.com/2009/12/sarah-geronimos-next-one-concert-of.html




Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

b. Sabihin sa mag-aaral na makikita rin sa iba't ibang aklat ng mga kuwento ang kulturang Pilipino. Ipakita ang mga pabalat ng aklat at ipahula ang mga pamagat o nilalaman ng kuwentong tungkol sa Pilipino.

c. Ipatukoy ang pamagat ng aklat batay sa larawan ng pabalat. Isulat ang sagot sa tapat ng larawan.







______________ ______________ ______________

http://pagtuklas.blogspot.com/

http://www.wikakids.com/filipino/pabula-fables/ang-unggoy-at-ang-pagong

http://www.wikakids.com/filipino/alamat-philippine-legends/alamat-ng-araw-buwan-at-mga-bituin

4. **Kasanayang Panggramatika**

Sabihin sa klase na ang pangalan nila ay isa ring paraan upang maipakilala ang kanilang pagka-Pilipino. Bukod sa buong pangalan, mas nais nating tawagin sa palayaw ang isang tao. Gamitin ang alpabeto sa tamang pagbigkas at baybay ng iyong palayaw.

Pagpapabigkas nang wasto ng bawat letra ng alpabetong Filipino

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Aa | Bb | Cc | Dd | Ee | Ff | Gg | Hh | Ii | Jj |
| ey | bi | si | di | ii | ef | dzi | eyts | ay | dzey |
| [a] | [b] | [s] | [d] | [e] | [f] | [g] | [h] | [i] | [ʤ] |
| Kk | Ll | Mm | Nn | Ññ | Ng ng | Oo | Pp | Qq | |
| key | el | em | en | enye | endzi | o | pi | kyu | |
| [k] | [l] | [m] | [n] | [ɲ] | [ŋ] | [o] | [p] | [k] | |
| Rr | Ss | Tt | Uu | Vv | Ww | Xx | Yy | Zz | |
| ar | es | ti | yu | vi | dobolyu | eks | way | zi | |
| [r] | [s] | [t] | [u] | [v] | [w] | [ks] | [j] | [z] | |

5. **Pagpapayaman**

Isulat ang iyong palayaw at bigkasin ang baybay sa klase.

Halimbawa:

Buong Pangalan: Christeline Anne

Palayaw: Krizi

Baybay: key-ar-zi-ay

Buong Pangalan: Francis Louis

Palayaw: Franz

Baybay: ef-ar-ey-en-zi

Sagot:

Buong Pangalan: ______________________

Palayaw: ______________________________

Baybay: _______________________________

6. **Pagpapalawig**

Hahatiin ang klase sa tatlong pangkat upang magkaroon ng iba't ibang gawain ayon sa kanilang interes.

Pangkatang gawain: Pumili ng isang kuwento na nakuha mula sa pabula, napanood sa TV o napakinggang awit na tumatalakay sa kulturang Pilipino. Kung gagawing isang aklat ang kuwento, gawan ito ng pabalat. Iguhit at kulayan ito.

Pangkat 1: Mga halimbawa ng pabulang nabasa

Pangkat 2: Mga halimbawa ng pelikulang napanood

Pangkat 3: Mga pamagat ng paboritong awit



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## C. KONGKLUSYON

Ipaalala:

1. Ang pagsasanay ng wasto at malinaw na bigkas ay nakasalalay sa paulit-ulit na pagsasagawa nito.
2. Maging isang batang nagmamalaki sa iyong kulturang Pilipino.
3. Maging batang Pilipinong mahilig magbasa.

**Takdang Aralin**

Gumupit ng mga larawan ng iba't ibang ekspresyon ng mukha ng mga Pilipino at isulat kung anong ekspresyon ang isinasaad ng larawan at baybayin ito batay sa bigkas. Magbigay ng 10 halimbawa.

**Rubrik sa Pagmamarka sa Dula-Dulaan**

| | |
|---|---|
| 1. Tamang ekspresyon | 20% |
| 2. Tamang baybay | 20% |
| 3. Tamang bigkas | 30% |
| 4. Maayos na larawan | 15% |
| 5. Maayos na takda | 15% |
| **KABUUAN** | **100%** |

## Aralin 3 – Ang Mayang si Elena

**A. PANIMULA**

Magpakita ng larawan ng tatlong maya, isang nanay na maya, tatay na maya, at batang maya. Sa larawan ay nagbibilin ang Nanay at Tatay na maya na huwag siyang lilipad sapagkat mahina pa ang kanyang mga batang pakpak.

**Palaisipan**

Ano ang kuwento ng larawan?

Sagot:

a. Nagmamahalang pamilya ng mga maya

b. Nangangaral na nanay sa batang maya



**B. KATAWAN**

**1. Pagbasa**

**Pabula**

Ang pabula ay kuwento na ang mga tauhan o nagsisiganap ay mga hayop.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay magpapamalas ng kakayahang matukoy ang pangngalan, pamagat ng akda, may-akda, at tagaguhit ng akda.

**Pamantayan sa Pagganap:**

Naisasagawa ng mag-aaral ang pagsulat ng letra nang may tamang laki at espasyo, naguguhit ang naibigang bahagi ng kuwento, naiuulat ang mga pangyayari sa paaralan, at nakabibilang ng salita sa loob ng pangungusap.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naiguguhit ang naibigang bahagi ng kuwento
2. Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Ang Kuwento:

**Ang Pagsuway ng Mayang si Elena**

Si Elena ay isang batang Maya. Madalas siyang iniiwan ng kanyang ama at inang Maya upang maghanap ng makakakain para sa kanilang pamilya. Sa tuwing aalis ang kanyang mga magulang, ang bilin nila ay huwag munang lumipad sapagkat mahina pa ang kanyang batang pakpak.

Ngunit, madalas pa rin siyang nagsasanay lumipad tuwing aalis ang magulang sapagkat gusto niyang mabilis na matuto at sumama sa inaakalang pamamasyal ng mga magulang. Kaya naman, nang makalipad siya sa kabilang bahagi ng puno, ang kanyang kabagalan sa paglipad ay naging madali sa mga namamaril ng ibon upang makapagpraktis lamang ng pamamaril. Nabaril ang batang maya. Malaki ang tinamo niyang sugat. Mabuti na lamang at nakita siya ng isang batang mabait. Pinulot siya nito at inalagaan hanggang sa gumaling.

Matagal na hindi nakita ng magulang niya si Elena. Nagkita lamang sila nang gumaling at palayain siya ng batang nag-alaga. Simula noon, hindi na siya sumuway sa kaniyang magulang.

**Palaisipan**

Ang pagsunod sa magulang ay pag-iwas sa kapahamakan.

a. Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong upang magkaroon ng talakayan.
   - Ano ang ugali ni Elena?
   - Ano ang bilin na sinuway ni Elena?
   - Bakit sinuway ni Elena ang bilin ng magulang?
   - Ano ang nangyari sa kaniyang pagsuway?
   - Ikaw, anong bilin o paalala ng magulang mo ang madalas mong hindi sinusunod? Bakit?

ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari

4. Nabibilang ang salita sa isang pangungusap
5. Natutukoy ang pamagat, may-akda, tagaguhit ng aklat o kuwento
6. Nakasusulat ng malaki at maliit na letra
7. Napahahalagahan ang tekstong pampanitikan sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa usapan

- Bakit kaya palaging ipinaaala ito sa iyo ng iyong mga magulang?

b. Pagpapaguhit

Ipaguhit sa mga mag-aaral ang bahagi ng kuwento na naibigan niya.

c. Mayroon na bang inutos ang magulang mo na hindi mo sinunod? Iguhit ito sa loob ng kahon.

d. Pagpapasulat

Isulat ang pangalan ng mga tauhan sa kuwento gamit ang maliit at malaking titik.

______________________________

______________________________

______________________________

e. Ilan ang bilang ng mga salita sa loob ng pangungusap? Isulat sa kahon ang tamang sagot.

Ang nanay at ang tatay ng mayang si Elena ay nagbibilin na huwag munang lumipad.




Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

2. **Kasanayang Pampanitikan:**

Lilinangin ang kasanayan at kaalamang pampanitikan ng mga mag-aaral.

Si Elena na isang ibong maya ay isa lamang karakter ng kuwentong pambatang Pilipino. Higit na popular na ibong karakter ang makikita sa larawan. Tingnan ang pabalat ng aklat at subukang tukuyin ang pamagat, sumulat ng kuwento, at ang gumuhit ng larawan sa pabalat.




http://pinoyculture.flyingcart.com/?p=detail&pid=1117&cat_id=

**Pamagat:** ______________________________

**Nagsalaysay:** ______________________________

**Gumuhit:** ______________________________

3. **Kasanayang Panggramatika**

Ipaliliwanag ang pangngalan, pagkatapos ay ipagagawa ang gagawing pagpapayaman.

**Pangngalan**

- ay salita o bahagi ng pangungusap na tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, pook, hayop, at pangyayari.
- ay salitang nauunawaan, kung hindi maunawaan, hindi ito salita
- kaiba ito sa pangalan na tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari

Halimbawa:

| **Pangngalang Pambalana** | **Pangalang Pantangi** |
|---|---|
| Tao | |
| lalaki | Jeremy |
| babae | Bella |
| Hayop | |
| aso | Homer |
| Bagay | |
| lapis | Mongol |
| Pook | |
| siyudad | Makati |
| Pangyayari | |
| espesyal na araw | Araw ng Kagitingan |

**4. Pagpapayaman**

Pagpapasagot sa bawat pangkat: Magbigay ng tigsasampung halimbawa ng pangngalan.

Pangkat 1: Bagay

Pangkat 2: Pook

Pangkat 3: Pangyayari

Pangkat 4: Hayop

**5. Pagpapalawig**

Ipaliliwanag na magkakaroon ng isang maikling pagtatanghal ang bawat pangkat upang ipakita ang pangngalan ng kanilang grupo. Maaaring gawan din ito ng *cheer.*

Pangkatang Gawain: Magsasadula batay sa pangngalan ng bawat grupo. Bumuo ng kuwento kung paanong magsasalita ang bawat pangngalan.

Pangkat 1: Bagay

Pangkat 2: Pook

Pangkat 3: Pangyayari

Pangkat 4: Hayop



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## C. KONGKLUSYON

Ibuod ang natapos na aralin:

Ang pangngalan ay mga salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari. Mga salitang nauunawaan, may pagkakakilanlan, at mailalarawan.

Makikita sa pabalat ng aklat ang pamagat, may-akda, at ang tagaguhit.

### Takdang Aralin

Maghanap ng larawan ng inyong bahay, maaaring *family picture*, o paboritong bahagi ng inyong bahay. (Paghahanda ito para sa pagpapaliwanag kinabukasan). Sa larawan, ipaliwanag kung bakit iyon ang napili, at kung ano-ano ang pangngalan na makikita sa larawan.

**Rubrik sa Pagmamarka sa Pagpapaliwanag**

| | |
|---|---|
| 1. Tamang pangngalan | 40% |
| 2. Paraan ng presentasyon | 10% |
| 3. Kaayusan ng presentasyon | 30% |
| 4. Orihinalidad (Walang hawig sa kaklase) | 5% |
| 5. Wastong tono, intonasyon, at pagbigkas | 15% |
| **Kabuuan** | **100%** |